

Pahayag ng bayarin sa buwis at seguro mula sa city hall

Maaaring hindi makakuha ng visa kung hindi nagbayad ng resident tax



Gaya ng mga Hapon, ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ay tatanggap ng pahayag ng bayarin ng resident tax at health insurance mula sa city hall. Kung matanggap ang pahayag ng bayarin, dapat bayaran ito bago o sa takdang panahon.

Kung hindi makabayad bago sa takdang petsa, tatanggap kayo ng abiso na magbayad, kasabay na ang karagdagang multa dahil sa huling pagbayad. Tungkulin

nating magbayad ng buwis kapag nakatira tayo dito sa Japan.

Kapag nag-aplay ng visa sa Immigration Bureau ang isang dayuhang nasyonal, kailangan ang tax certification ng resident tax at tax payment certificate. Noon, ang tax return forms na bigay ng kumpanya (patunay ng pagbayad ng buwis) ay ipinapasa sa Immigration Bureau bilang patunay ng kinita. Subalit maraming kaso na dinadaya ito at ang totoo ay mababa ang kita at halos walang binayaranang buwis.

Sa ngayon ay kinakailangang nang ipasa ang tax certification of resident tax at tax payment certificate upang patunayan ang tamang kinikita .

Mahalaga na magbayad ng tamang buwis. Kapag hindi nagbayad ng buwis o hindi makakuha ng patunay ng pagbayad ng buwis, naapektuhan ang pagsusuri ng visa at hindi magaan ang pagtrato sa inyo. Kapag kukuha ng kapatunayan ng pagiging karapat-dapat bilang asawa ng isang Japanese National, at hindi nakapagbayad ng buwis, maaaring hindi mapagbigyan sa kadahilanang maituturing na walang sapat na kakayahan na mamuhay sa Japan.

Sa Japan, lahat ay kumukuha ng seguro upang makatulong sa isa't-isa, at ito ang sistema ng national health insurance. Kung mayroong health insurance, 30% lamang ng bayarin sa ospital ang inyong babayaran sakaling magkasakit.

Kung hindi kayo nagbabayad ng buwis dahil sa palagay ninyo ay mahal ang resident tax, o dahil hindi kayo nagpapakonsulta sa ospital, o iniisip ninyong ipagpaliban ang pagbayad sa buwis, maaaring hindi kayo tumanggap ng mga serbisyong pampubliko. Kinakailangan tayong magsumite ng tax return sa takdang panahon at magbayad ng tamang buwis.

Kung hindi ninyo nababasa o hindi naiintindihan ang nilalaman ng abiso o pahayag ng bayarin mula sa city hall, pumunta sa city hall o sa FICEC sa lalong madaling panahon.

Takdang pasahod sa prepektura, syudad, bayan (minimum rate as of Sept.)

Saitama 871, Tokyo 958, Kanagawa 956, Osaka 909, Aichi 871, Chiba 868, Kyoto 856, Hyogo 844, Shizuoka 832, Mie 820, Hiroshima 818, Shiga 813, Hokkaido 810、Tochigi; Gifu 800, Ibaraki 796, Toyama; Nagano 795, Yamanashi 784, Fukuoka 789, Nara 786, Gunma 783, Ishikawa; Okayama 781, Niigata; Fukui 778, Wakayama: Yamaguchi 777, Miyagi 772, Kagawa 766, Fukushima 748, Shimane; Tokushima 740, Yamagata: Ehime 739, Aomori: Iwate: Akita: Tottori 738, Kochi: Saga: Nagasaki: Kumamoto: Oita: Miyazaki: Kagoshima: Okinawa 737.

Itinakda ng pamahalaan na maitaas ang pinakamababang pasahod (pasahod bawat oras)ng 3% bawat taon upang sa hinaharap ay ¥1000 ang karaniwang pasahod. Kung hindi bihasa sa wikang Hapon maaring mababa ang inyong sahod kaysa karaniwan. Dapat matuto ng wikang Hapon upang makapagtrabaho dito. Matuto tayong magbasa at magsulat ng wikang Hapon .

**Fujimi-shi International Exchange Forum
“Makipagkuwentuhan sa mga dayuhang nasyonal”**



Petsa:
Setyembre 15 (Sabado)
11:20 ~ 15:30

Lugar:
**Kirari Fujimi, Fujimi-shi
Community Center**



Sa Fujimi-shi, isang pagtitipon na tinatawag na “Pintuan ng mundo” ang ginaganap kada taon para makibahagi ang mga dayuhang residente at mga lokal na mamamayan. May parte ang FICEC sa pagtalakay sa tema ng pamumuhay sa Japan at kaibahan ng ibang kultura. Iba pang kasiyahan ay ang pagsusuot ng kimono, pag-ayos ng bulaklak, pagtugtog ng Japanese drums, tinikling, Tai Chi, hula dance, gospel choir group at iba pa.



**Payo sa mga nag-aaral ng wikang Hapon
Ms. K taga Korea**

25 taon na ang lumipas mula ng mag-asawa ako at pumunta dito sa Japan. Malaking tulong ang pagtatrabaho bilang kahera sa loob ng 15 taon dahil natuto ako ng wikang Hapon at nagkaroon ng mga kaibigan sa trabaho.

May kasamahan ako sa trabaho na mababait, gayundin mayroon ding ibang mahirap pakisamahan, gayunpaman nagsumikap akong matutunan ang wika at unawain ang kaugalian at pamumuhay dito. Sa aking opinyon, sa pag-aaral ng wikang Hapon, pinakamabuting gawin ay makipag-usap sa mga Hapon.

Nilakasan ko din ang aking loob para makadalo sa mga pagtitipon sa paaralan at sa pakikipagpulong sa mga guro upang masuportahan ang aking anak. Nahirapan ako noong panahong kukuha sya ng pagsusulit sa pagpasok sa high school at hindi ko alam kung sino ang aking lalapitan. Sana ay mas maaga kong nalaman na maaari palang komunsulta sa FICEC. Pumupunta ako ngayon sa FICEC upang lalong matuto ng wikang Hapon. Palagay ang kalooban ko dito dahil maraming maaring makakwentuhan. Natutuwa ako dahil sabi ng anak ko ay mas maayos na ang pagsasalita ko ng Nihongo.